**Suburban Water Systems**

## MAHALAGANG IMPORMASYON TUNGKOL SA IYONG INUMING TUBIG

**Mga kinakailangan sa pagsubaybay na hindi natugunan para sa Suburban Water System - San Jose Hills**
Kailangan naming regular na subaybayan ang iyong inuming tubig para sa mga partikular na contaminant. Ipinapakita ng mga resulta ng regular na pagsubaybay kung natutugunan ba ng ating inuming tubig ang mga pamantayan sa kalusugan. Noong Abril 2022, hindi sinasadyang may nakolekta kaming microbiological na mga sample sa sistema ng distribusyon na nagmula sa maling lokasyon at kaya, hindi namin matiyak ang kalidad ng ating inuming tubig nang mga panahong iyon. Hindi nagsanhi ng emergency ang paglihis na ito; gayunpaman, may karapatan ang aming mga customer na malaman kung ano ang nangyari, kung kailangan bang tumugon ang aming mga customer sa insidenteng ito, at kung ano ang ginawa ng Suburban para maitama ang kalagayang ito.

### Ano ang kailangan mong gawin?

- Wala kang dapat gawin sa pagkakataong ito.
- Nakalista sa talahanayan sa ibaba ang (mga) contaminant na hindi namin nasuri nang maayos noong nakaraang taon, kung ilang sample ang kailangan naming kunin at kung gaano kadalas, kung ilang sample ang kinuha namin, kung kailan dapat kinuha ang mga sample, at ang petsa kung kailan kinuha ang mga follow-up na sample.

| Contaminant | Kinakailangang Dalas ng Pagkuha ng Sample | Bilang ng mga Kinuhang Sample | Kung Kailan Dapat Kinuha ang Lahat ng Sample | Kung Kailan Kinuha o Kukunin ang mga Sample |
|---|---|---|---|---|
| Kabuuang Distribusyon ng Coliform | Tatlong sample sa loob ng 24 na oras ng bawat positibong sample ng coliform | Dalawa lang sa tatlo na nagmula sa aprobadong lokasyon | Abril 2022 | Kinolekta ang mga repeat sample noong Abril 2022 |

- Kung mayroon kang mga problema sa kalusugan at nag-aalala ka tungkol sa pag-inom sa tubig na ito, maaari kang magpakonsulta sa iyong doktor.

### Ano ang nangyari? Ano ang ginawang aksyon?

Kailangang regular na kumuha ng sample ang Suburban mula sa mga sistema ng distribusyon ng tubig nito, at suriin ang mga sample na ito para sa kabuuang dami ng coliform bacteria, para malaman kung may problema sa kalidad ng tubig. Noong ika-19 at ika-26 ng Abril, 2022, inabisohan ng laboratoryo ang Suburban na nagpositibo sa kabuuang dami ng coliform bacteria. Mayroong maraming dahilan kung bakit nagkakaroon ng coliform bacteria ang mga regular na bacteriological sample na hindi nauugnay sa kalidad ng inuming tubig. Para maalis ang mga posibilidad na ito at matiyak ang kalidad ng inuming tubig, sinusunod ng Suburban ang proseso na aprobado ng DOW para magsagawa ng repeat bacteriological sampling sa maraming lokasyon, na tinukoy lahat sa Bacteriological Site Sampling Plan BSSP. Kinolekta ng Suburban ang lahat ng kinakailangang sample, pero dalawa sa mga samples ang kinuha mula sa lokasyon na hindi nakalista sa aprobadong BSSP. **Nagnegatibo ang lahat ng repeat sample para sa Kabuuang Coliform at E. Coli. Bacteria, na nagpapahiwatig na walang problema ang kalidad ng tubig.**

Para tugunan ang isyung ito, hiniling ng Suburban na magbigay ng refresher na pagsasanay tungkol sa mga regulasyon sa bacteriological sampling sa mga kawani ng Kalidad ng Tubig ang isang laboratoryo na kinikilala ng Estado ng California sa ilalim ng Programa sa Pagkilala sa Laboratoryong Pangkalikasan (Environmental Laboratory Accreditation Program).

Para sa higit pang impormasyon, pakikontak ang Tagapangasiwa ng Kalidad ng Tubig ng Suburban na si Sandy Nimat sa (626) 543-2640, snimat@swwc.com, o sa 1325 North Grand Avenue, Suite 100, Covina, CA 91724.

**Mga Kinakailangan para sa Segundaryong Pag-aabiso**

Pakibahagi ang impormasyong ito sa ibang tao na umiinom ng tubig na ito, lalo na sa mga taong maaaring hindi direktang nakatanggap ng abisong ito (halimbawa, mga naninirahan sa apartment, nasa nursing home, paaralan, at negosyo). Maaari mo itong gawi sa pamamagitan ng pag-post ng abisong ito sa isang pampublikong lugar o sa manu-manong pamamahagi ng mga kopya nito o gamit ang koreo. Kapag nakatanggap ng abiso mula sa taong nagpapatakbo ng isang pampublikong sistema ng tubig, dapat ibigay ang sumusunod na abiso sa loob ng 10 araw [Code ng Kalusugan at Kaligtasan Seksyon 116450(g)]:

- MGA PAARALAN: Dapat abisuhan ang mga empleyado ng paaralan, estudyante, at magulang (kung mga minor de edad ang mga estudyante).
- MGA MAY-ARI O TAGAPANGASIWA NG MGA PINAPAUPAHANG ARI-ARIANG PANGRESIDENSYAL (kabilang ang mga nursing home at pasilidad ng pangangalaga): Dapat abisuhan ang mga naninirahan.
- MGA MAY-ARI, TAGAPANGASIWA, O NAGPAPATAKBO NG MGA ARI-ARIANG PANGNEGOSYO: Dapat abisuhan ang mga empleyado ng mga negosyong nasa ari-arian.

Mahahanap din ang kopya ng abisong ito sa https://www.swwc.com/suburban/announcements/
Ipinadala sa iyo ng Suburban Water System - San Jose Hills ang abisong ito.
# ng ID ng Sistema ng Tubig ng Estado: 1910205
Petsa na Ipinamahagi: Mayo 1, 2023